

## SALIK NA NAKAKAAPEKTO SA PAG-UNAWA SA BINASANG TEKSTONG FILIPINO NG MGA MAG-AARAL

<sup>1</sup>Jocie Rose T. Edullantes, <sup>2</sup>Irish Glenn R. Sotto, <sup>3</sup>Abigail C. Ledesma

<sup>1</sup>Faculty, Misamis University, Ozamiz City

<sup>2</sup>Misamis University, Ozamiz City

<sup>3</sup>Misamis University, Ozamiz City

### ABSTRACT

Ang kahirapan sa pag-unawa sa teksto ng mga mag-aaral ay isa sa mga resulta sa kawalan ng interes sa pag-aaral. Inilahad sa pag-aaral na ito ang mga salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa binasang tekstong Filipino ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang sa Misamis University, 2021-2022. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng purposive sampling. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng mga talatanungan: Mga Panloob na Salik na Nakakaapekto sa Pag-Unawa sa Pagbasa ng Tekstong Filipino; Mga Panlabas na Salik na Nakakaapekto sa Pag-Unawa sa Pagbasa ng Tekstong Filipino at Pagsukat sa Kakayahang Pag-Unawa sa Binasang Teksto o Comprehension Test. Lumabas sa pag-aaral na ito, ang mga mag-aaral ay sumang-ayon na mataas ang impluwensya ng panloob at panlabas na salik sa kanilang pag-unawa kapag sila ay nagbabasa ng tekstong Filipino. Sa sub-category ng panloob na salik, ang persepsyon na salik ang mas nakitaan na may mataas na impluwensya sa pag-unawa sa pagbasa at ang kapaligiran naman ang sa sub-external na salik. Inihayag sa pag-aaral na ito na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng sub-internal na salik na persepsyon at kritikal na antas. Nagpapakita ng lubos na makabuluhan ang sab-baryabol na impluwensya ng pamilya at ang literal na antas.

**KEYWORDS** - Antas ng pag-unawa sa pagbasa, pagbasa, pagbasang may pag-unawa, salik, at Tekstong Filipino.

### 1. PANIMULA

Ang pagbabasa ay sistematikong proseso ng pagkilala at pag-unawa sa mga nakalimbag na titik o simbolo. Ito ay nagiging tulay upang magkaroon ng komunikasyon ang awtor sa kanyang mga mambabasa at maibigay ang kanyang nais ipahiwatig (Carlo, 2019). Isa sa pinakamahalagang kakayahan na dapat malinang ng isang tao ay ang pagbabasa, sapagkat ito ang nagsisilbing pangunahing kasangkapan sa pagtuklas ng karunungan. Ito ay gintong susi na magbubukas ng pinto sa daigdig ng karunungan at kasiyahan (Regal, 2020).

Ang isa sa mga layunin ng edukasyon ay linangin ang mga mag-aaral na mahasa ang kagalingan at kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Batay sa Memorandum Blg. 173 s. 2019 ng Kagawaran ng Edukasyon ay mahigpit na hinihikayat ang lahat mula elementarya hanggang sekondaryang pampublikong paaralan na paigtingin ang kanilang adbokasiya at ihanay ang pagtataguyod sa kultura ng pagbabasa bilang susi sa paglikha ng mga produktibong mamamayan (Jomocan & Legaspi, 2020). Sa panahon ngayon, maraming estudyante ang nagpapakita na nahihirapan sa pag-unawa ng mga teksto na nagiging dahilan sa kawalan ng interes sa pag-aaral. Sa kabila ng mahusay na pagtatangka ng mga guro na turuan ang mga mag-aaral na bumasa nang may pag-unawa, mayroon pa ring ilang mga mag-aaral na hindi nakakamit ang layunin na ito ng pagbabasa (Quintino & Abagon, 2021).

Ang pagbasang may pag-unawa ay tumutukoy sa kakayahang maunawaan ang mga nakasulat na salita. Iba ito sa kakayahang kumilala ng mga salita. Ang pagkilala sa mga salita sa isang pahina ngunit hindi alam kung ano ang ibig sabihin nito ay hindi natutupad ang layunin ng pagbabasa, na kung saan ay ang pag-unawa (Brandon, 2021). Kapag naintindihan mo ang iyong binabasa, hindi mo lamang naiintindihan ang mga salita at ang mga kahulugan nito. Ito ay paraan upang makabuo ng mga opinyon, kaisipan at pagmumuni-muni tungkol sa kung ano ang ibig sabihin ng mga salita nang magkasama (McLaughlin & Blakeley, 2021). Ang kakayahan ng pagbabasa ay may

koneksyon sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na mahusay magbasa, ay karaniwang matagumpay sa bawat akademikong pagganap (Dawkins, 2017). Napakahalaga ng pagbabasa lalo na sa pagpapaunlad ng komprehensyon. Subalit hindi pa rin maiwasan na may mga mag-aaral na may mababang lebel sa pagbasang may pag-unawa.

Sa isinagawang pagtataya sa *Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI)*, nabatid na kadalasan sa mga mag-aaral ng baitang 7 sa Adlay National High School ay kulang sa pag-unawa sa tekstong binasa o mababa ang kasanayan sa mapanuring pagbasa. Sa pagbigkas ng salita o *word recognition*, naitatalang 80% (139/174) na mag-aaral ay napapabilang sa *independent level*. Ibig sabihin karamihan sa mga mag-aaral ay nakabigkas ng maayos ng mga salita mula sa tekstong binasa. Ngunit pagdating sa komprehensyon, 51% (88/174) lamang ng mga mag-aaral mula sa kabuuang bilang ay napapabilang sa *independent level* (Aspillaga, 2021).

Hindi maitatangi ang katotohanan na mahirap makamit ang kakayahang pagbasang may pag-unawa. Ang mga taong nahihirapan sa pagbabasa ay makikita saan mang panig ng mundo (Claessen et al., 2020). Isiniwalat ng *Program for International Student Assessment (PISA) 2018* ang resulta ng kakayahang pagbabasa ng Pilipino, at isa sa mga kategorya kung saan ang labinlimang taong gulang na mga mag-aaral sa Pilipinas ay may mas mababa na pagganap kung ikokompara sa mga mag-aaral mula sa ibang mga bansa at ekonomiya (Calica, 2020)

Ganun pa man ay hindi natin masisisi ang mga mag-aaral kung may kahinaan sila sa pag-unawa sa pagbabasa lalo pa at maraming salik o sanhi na nakahahadlang dito. Ilan sa mga sanhi kaya mababa ang antas sa pagbasa ng mga mag-aaral ay dahil walang kasanayan ang mga mag-aaral pagdating sa pagbabasa, pagkakaroon ng mga *learners-at-risk* o itinuturing na may mas mataas na posibilidad na bumagsak sa akademya o huminto sa pag-aaral, at panghuli ay walang kaligiran pagdating sa pagbabasa (Tomas, et al., 2021). Karagdagan dito, ang mga salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa pagbabasa ng mga mag-aaral ay nagmumula mismo sa mga mag-aaral, sa wikang ginagamit, ang guro, ang punong guro, paaralan, tahanan, at ang komunidad (Estrema & Estrema, 2018).

Ilan pa sa mga resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay nagpapatunay na ang mga panloob na kadahilanan o *internal factors* tulad ng kaalaman sa lingguwistika, persepsyon, at interes sa pagbabasa, ay may mahalagang papel na ginagampanan sa katagumpayan ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto sa paaralan. Ang kakulangan sa kaalaman sa binabasang teksto ay nakababawas ng antas sa pag-unawa. Ang mga salik na ito ay maiiugnay sa kawalan ng kaalaman ng mag-aaral sa bokabularyo at hindi pamilyar sa mga teknikal na termino. Nakakaapekto rin ang mga panlabas na salik o *external factors*. Ang mga salik na ito ay tungkol sa impluwensya mula sa guro, pamilya at paligid ng nagbabasa (Taladngoen et al., 2020).

Pinatunayan ng mga nagdaang isinagawang pag-aaral na isa sa pinakamahalagang kasanayan sa wika para sa mga mag-aaral na dapat paunlarin ay ang pagbabasa. Ngunit, isa sa mga isyung kinakaharap ng ating mga mag-aaral ngayon ay ang gawing mas malinaw at mas mabilis ang kanilang pagkatuto sa mga konsepto, ideya, at salita ng materyal na kanilang binabasa. Ang tagumpay at kagalingan sa pagbabasa at pag-unawa ay mahalagang mga aspeto ng pag-unlad at pagkatuto ng isang mag-aaral (Llorico, 2018). Ang pagbabasa ay karaniwang itinuturing bilang isang mahalagang kakayahan para sa lahat ng mga nag-aaral ng wika. Ang mga mag-aaral na bumabasa nang malawak at kritikal ay magagawang gamitin ang natutunan sa silid-aralan upang mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa pagsasalita, pakikinig, at pagsusulat. Dapat na patuloy na paunlarin ng mga mag-aaral ang kanilang mga kasanayan sa pagbabasa upang mas maging madali para sa kanila ang pagkuha ng kaalaman at impormasyon mula sa parehong *online* at *offline* na mapagkukunan (Cavangklang & Suppasetserree, 2018).

Batay sa mga pag-aaral na inilahad, masasabi natin na sa panahon ng globalisasyon, ang mga tao ay dapat magbasa upang makakuha ng kinakailangang impormasyon at kadalubhasaan. Ang mga mag-aaral na sumusubok na makabisado ang mga bagong kaalaman at kakayahan ay dapat ding magbasa ng kritikal para matugunan ang kanilang mga layunin. Dahil dito, maisasabuhay ng mga mag-aaral ang kaalaman na kanilang nalaman o natutuhan (Taladngoen et al., 2020). Ngunit naririyon pa rin ang mga taong mababa ang antas ng pag-unawa sa pagbabasa dahil sa mga salik na kanyang nararanasan. Ang pananaliksik na ito ay isa sa mga pag-aaral na nagnanais na matuklasan kung ang parehong suliranin na binanggit ay kinakaharap din ng mga mag-aaral sa Pamantasan ng Misamis. Napagkasunduan ng mga mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral tungkol sa mga salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa binasang tekstong Filipino ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang. Inaasahan na ang mga resulta sa pananaliksik ay makatutulong sa mga guro at mag-aaral sa High School lalo na ang mga mag-aaral sa baitang sampu ng Misamis University, upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbabasang may pag-unawa sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga salik na nakakaapekto rito.

## 2. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang antas ng pag-unawa sa binasang tekstong Filipino at mga salik na nakakaapekto sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral na nasa ikasampung baitang ng Misamis University sa kalagitnaan ng pandemya. Hinahangad ng pag-aaral na ito na matuklasan ang mga sumusunod na layunin:

1. Natutukoy ang mga panloob na salik na nakakaapekto sa pagbasang may pag-unawa batay sa kaalaman sa linggwistika at persepsyon ng mga mag-aaral.
2. Natutukoy ang mga panlabas na salik na nakakaapekto sa pagbasang may pag-unawa batay sa impluwensya ng guro; pamilya; at kapaligiran ng mga mag-aaral.
3. Natutukoy ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa binasang tekstong Filipino — literal, interpretatibo, kritikal, at malikhaing antas.
4. Nasusuri ang makabuluhang ugnayan ng panloob na salik sa antas ng pag-unawa.
5. Nasusuri ang makabuluhang ugnayan ng panlabas na salik sa antas ng pag-unawa.

## 3. PAMAMARAANG GINAMIT AT HAKBANG NA ISINAGAWA

Ginamit ng mga mananaliksik ang kwantitatibong pamaraan at disenyong descriptive-correlational method sa pananaliksik. Ang kwantitatibong pananaliksik ay tinukoy bilang sistematikong pagsisiyasat ng mga pangyayari sa pamamagitan ng pangangalap ng mga nabibilang na datos at pagsasagawa ng istatistika, matematika o kompyutesyunal na pamamaraan (Bhat, 2012). Ginamit din ng mananaliksik ang *correlational* na pananaliksik dahil ipinapakita nito ang relasyon sa pagitan ng dalawang baryabol. Ang desinyong ito ang nakitang angkop na pamamaraan ng mga mananaliksik upang malaman ang mga salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa binasang tekstong Filipino ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Unibersidad ng Misamis, Ozamiz City. Ang mga respondante sa ginawang pag-aaral ay ang mga mag-aaral na nasa ikasampung baitang na binubuo ng 98 na mag-aaral. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng *purposive sampling method* sa pagkuha ng mga kalahok. Ang purposive sample ay isang *non-probability sample* na pinili batay sa mga katangian ng isang populasyon at sa layunin ng pag-aaral. Ang *purposive sampling* ay iba sa *convenience sampling* at kilala rin bilang *judgmental, selective, o subjective sampling* (Crossman, 2020). Ito ay ibinatay sa kraterya na: 1) mga mag-aaral na naka-enroll bilang mag-aaral na nasa ikasampung baitang sa Unibersidad ng Misamis; 2) mga mag-aaral na nakatala sa ikaapat na markahan Taong Panuruan 2021-2022; at 3) mga mag-aaral na nagbigay ng pahintulot na maging bahagi ng pag-aaral na ito. Ginamit ng mga mananaliksik ang mga sumusunod na *statistical tools* na pamamaraan: 1) *Mean at Standard Deviation*. Ginamit ito sa pagtataya sa salik na nakakaapekto sa pagbasang may pag-unawa at antas ng pag-unawa sa pagbasa ng tekstong Filipino ng mga mag-aaral. 2) *Pearson r Product Moment Correlation Coefficient*. Ginamit ito upang masuri ang makabuluhang ugnayan sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng tekstong Filipino at mga salik na nakakaapekto sa kanilang pag-unawa sa pagbabasa. Upang makuha ng mga mananaliksik ang mga kinakailangang datos sa ginawang pag-aaral ay isinagawa ang pangongolekta ng mga datos gamit ang mga talatanungan: **Mga Panloob na Salik na Nakakaapekto sa Pag-Unawa sa Pagbasa ng Tekstong Filipino; Mga Panlabas na Salik na Nakakaapekto sa Pag-Unawa sa Pagbasa ng Tekstong Filipino at Pagsukat sa Kakayahang Pag-Unawa sa Binasang Teksto** o *Comprehension Test*. Gumawa ng isang liham na pahintulot ang mga mananaliksik na siyang nilagdaan ng dekanong College of Education upang pormal na maisagawa ang pangangalap ng datos.

### **Instrumentong Ginamit sa Pagtitipon ng mga Datos:**

**A. Mga Panloob na Salik na Nakakaapekto sa Pag-Unawa sa Pagbasa ng Tekstong Filipino.** Ang mga pahayag at katanungan na ginamit dito ay hango, binago at isinalin ng mga mananaliksik mula kina Duangloy's (2015) and T., Unaree & Palawatwichai, Naruporn & Esteban, Reuben & Phuphawan, Nalinrat (2020). Ang bahaging ito ay nakatuon sa pagkuha ng impormasyon tungkol sa kung aling mga panloob na salik ang higit at pinakamaliit na sinasang-ayunan ng mga kalahok na nakaapekto sa kanilang kakayahang pag-unawa sa pagbasa. Ito ay binubuo ng dalawang sub-internal na kategorya na binubuo ng walong pahayag. Ang mga nabanggit na panloob na salik ay ang kaalaman sa linggwistika ng mga kalahok at ang kanilang mga pananaw sa kanilang sarili o persepsyon.

**B. Mga Panlabas na Salik na Nakakaapekto sa Pag-Unawa sa Pagbasa ng Tekstong Filipino.** Ang mga pahayag at katanungan na ginamit dito ay hango, binago at isinalin ng mga mananaliksik mula kina Duangloy's (2015) and T., Unaree & Palawatwichai, Naruporn & Esteban, Reuben & Phuphawan, Nalinrat (2020). Nilalayong kunin ng mga mananaliksik ang impormasyon sa bahaging ito ang tungkol sa kung aling mga panlabas na salik ang higit at hindi gaanong sinasang-ayunan ng mga respondante na nakakaapekto sa kanilang kakayahang pag-unawa sa pagbabasa. Binubuo ito ng tatlong *sub-external* na mga salik: impluwensya ng guro; impluwensya ng pamilya; at kapaligiran.

Talahanayan 1: Sa pagtukoy sa lebel ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa panlabas at panloob na mga salik, ginamit ang mga sumusunod na eskala:

Sagot	Saklaw	Interpretasyon
<b>4 - Lubos na Sumasang-ayon</b>	3.25-4.0	<i>Very Highly Influential</i>
<b>3 - Sumasang-ayon</b>	2.50-3.24	<i>Influential</i>
<b>2 - Hindi Sumasang-ayon</b>	1.75-2.49	<i>Less Influential</i>
<b>1 - Lubos na Hindi Sumasang-ayon</b>	1.0-1.74	<i>Least Influential</i>

**C. Pagsukat sa Kakayahang Pag-Unawa sa Binasang Teksto.** Ang instrumentong ito ay gumamit ng apat na mga babasahing teksto. Sa bawat teksto ay may kalakip na sampung katanungan na sinusukat ang kanilang iba't ibang antas sa pag-unawa: literal, interpretatibo, kritikal, at malikhain. Ito ay ibinatay sa teorya na "The four level comprehension skills" (Smith 1969 at Reid 1981).

Talahanayan 2: Sa pagtukoy sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa tekstong Filipino, ginamit ang mga sumusunod na eskala:

Iskors	Interpretasyon
9-10	Outstanding
8	Very Satisfactory
7	Satisfactory
6	Fairly Satisfactory
5	Did not Meet Expectation

#### 4. RESULTA AT TALAKAYAN

*Mga Panloob na Salik na Nakakaapekto sa Pagbasang may Pag-unawa ng mga Mag-aaral*

**Talahanayan 3: Lebel sa Pagtukoy ng mga Panloob na Salik na Nakakaapekto sa Pagbasang may Pag-unawa ng mga Mag-aaral**

Baryabols	M	SD	Remarks
Kaalaman sa Lingguwistika ng mga Kalahok	2.50	0.75	<i>Influential</i>
Persepsyon ng mga Kalahok	2.82	0.56	<i>Influential</i>
<b>Kabuuan ng mga Panloob na Salik</b>	<b>3.08</b>	<b>0.57</b>	<b><i>Influential</i></b>

*Note: Salik sa pag-unawa: 3.25-4.0 (Very Highly Influential); 2.50-3.24 (Influential); 1.75-2.49 (Less Influential); 1.0-1.74 (Least Influential)*

Ang datos sa Talahanayan 3 ay nagpapakita na sa kabuuan, ang panloob na salik ay may mataas na antas ( $M=3.08$ ;  $SD=0.57$ ) na nakakaapekto sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa tekstong Filipino. Ang mga mag-aaral ay parehong may mataas na antas sa kaalaman sa lingguwistika ( $M=2.50$ ) at persepsyon ( $M=2.82$ ). Subalit higit na mataas ang antas ng sub- kategorya sa persepsyon ( $M=2.82$ ) keysa sa kaalaman sa lingguwistika ng mga kalahok ( $M=2.50$ ).

Ipinapahiwatig nito na may malaking impluwensya ang persepsyon ng mga kalahok sa pag-unawa ng kanilang binabasa sa wikang Filipino kompara sa salik na kaalaman sa lingguwistika. Ang persepsyon na nakakaapekto sa pag-unawa sa pagbasa ng tekstong Filipino ay tumutukoy sa mga internal na pananaw at nararamdaman ng mga kalahok sa tuwing sila ay babasa ng mga babasahing Filipino. Kabilang dito ang kanilang pagkainip sa tuwing kailangan nilang bumasa ng tekstong Filipino; kapag may sakit o karamdaman; dulot ng stress; may nararansang personal na problema; at panghuli kapag nararamdaman nilang masyadong mahirap ang tekstong babasahin. Kapag wala sa magandang kondisyon ang kanilang aspetong persepsyon, ito ang mga nagiging dahilan upang mawalan ng konsentrasyon sa pagbabasa ang mga mag-aaral at maapektuhan ang kanilang pag-unawa sa pagbabasa ng tekstong Filipino.

Ang mga panloob na kadahilanan o *internal factors* tulad ng kaalaman sa lingguwistika, persepsyon, at interes sa pagbabasa, ay may mahalagang papel na ginagampanan sa katagumpayan ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto sa paaralan at pag-unawa sa pagbabasa. Ang kakulangan sa kaalaman sa binabasang teksto ay nakababawas ng antas sa pag-unawa. Ang mga salik na ito ay naiugnay sa kawalan ng kaalaman ng mag-aaral sa bokabularyo at

hindi pamilyar sa mga teknikal na termino (Taladngoen et al., 2020). Karagdagan dito, ang mga salik na nakakaapekto sa pag-unawa sa pagbabasa ng mga mag-aaral ay nagmumula rin mismo sa mga mag-aaral (Estrema & Estrema, 2018). Kagaya ng nabanggit sa itaas, isa sa malaking kahinaan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mambabasa ang nararanasan nilang emosyonal at kondisyon ng kanilang kalusugan (Kurniawati, 2020). Ang tagumpay at kagalingan sa pagbabasa at pag-unawa ay mahalagang mga aspeto upang mas maging maunlad ang pagkatuto ng isang mag-aaral (Llorico, 2018).

Base sa naging resulta, sa pagitan ng dalawang panloob na salik mas isinaalang-alang ng mga mag-aaral ang kanilang persepsyon sa pag-unawa sa pagbabasa. Nangangahulugan na sila ay mas higit na sumasang-ayon na may malaking ginagampanan ang persepsyon keysa sa kaalaman sa lingguwistika. Ang mga panloob na salik ay mahalagang pinagtutuunan ng pansin upang mapunan ng mga mag-aaral ang kanilang pangangailangan tungo sa kakayahang magbasa nang may pag-unawa. Bagaman itinuturing na Wikang Pambansa at ikalawang wika ng mga mag-aaral ang wikang Filipino ay mahalagang magkaroon pa rin sila ng sapat na kaalaman sa lingguwistika. Mahalagang magkaroon sila ng maraming kaalaman sa bokabularyo at istruktura ng gramatika upang mas mabisa ang kanilang pag-unawa sa binabasang teksto. Higit ding nakatutulong ang pagkakaroon ng maayos na kondisyon sa kanilang sikolohikal na aspeto. Nagkakaroon sila ng sapat na konsentrasyon na makatutulong upang mapabilis ang kanilang pag-unawa sa pagbabasa ng teksto.

#### *Mga Panlabas na Salik na Nakakaapekto sa Pagbasang may Pag-unawa ng mga Mag-aaral*

##### **Talahanayan 4: Lebel sa Pagtukoy ng mga Panlabas na Salik na Nakakaapekto sa Pagbasang may Pag-unawa ng mga Mag-aaral**

<b>Baryabols</b>	<b>M</b>	<b>SD</b>	<b>Remarks</b>
Impluwensya ng Guro	2.99	0.52	Influential
Impluwensya ng Pamilya	2.67	0.60	Influential
Kapaligiran	3.05	0.56	Influential
<b>Kabuuan Mga Panlabas na Salik</b>	<b>3.08</b>	<b>0.57</b>	<b>Influential</b>

*Note: Salik sa pag-unawa: 3.25-4.0 (Very Highly Influential); 2.50-3.24 (Influential); 1.75-2.49 (Less Influential); 1.0-1.74 (Least Influential)*

Ipinakita sa talahanayan 4 na ang kabuuan ng panlabas na mga salik ay may mataas na antas ( $M=3.08$ ;  $SD=0.57$ ) na nakakaapekto sa pagbasang may pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral sa baitang 10. Ang tatlong sab-baryabols ay parehong may mataas na antas: Impluwensya ng Guro ( $M=2.99$ ); Impluwensya ng Pamilya ( $M=2.67$ ); at Kapaligiran ( $M=3.05$ ).

Sa pagitan ng tatlong sab-baryabols, higit na mataas ang impluwensya ng kapaligiran ( $M=3.05$ ) sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral. Ilan sa mga nagiging dahilan kung bakit nagiging salik ang kapaligiran sa komprehensyon ng mga mag-aaral ay una, dahil sa pagkakaroon ng mataas o mababang temperatura sa lugar na nagdudulot ng hindi pagpapatuloy sa pagbabasa at hindi tuluyang maunawaan ang binabasa; pangalawa, ang nakadidisturbong ingay sa kanilang paligid upang sila ay mawalan ng konsentrasyon; at panghuli ay ang walang sapat na liwanag sa lugar upang makita ang mga tekstong binabasa. Sumunod ang impluwensya ng guro ( $M=2.99$ ), napapaloob dito ang kanilang kawili-wiling pamamaraan sa pagtuturo at pagpapaliwanag sa mga nilalaman ng babasahing Filipino at marami pang iba. Sa pamamagitan nito ay mas madali nilang nauunawaan ang mga babasahin at mas nahihikayat din silang magbasa. Bukod dito, ang impluwensya ng pamilya ( $M=2.67$ ) ay may malaki ring kontribusyon sa komprehensyon ng mga mag-aaral. Ang simpleng panghihikayat sa kanilang mga anak na magbasa ng mga tekstong Filipino ay nakadadagdag ng positibong epekto upang masanay at mahasa nila ang kanilang pag-unawa sa pagbabasa.

Sinang-ayunan ng ibang mananaliksik na may kaugnayan ang pamilya sa pag-unawa sa pagbasa ng mga bata. Ang pakikilahok ng magulang sa pagbabasa ng kanilang mga anak ay higit na may kaugnayan sa halip na iasa lamang sa mga babasahin sa loob ng bahay (Dong et al., 2020). Dagdag sa mga panlabas na salik na maaaring makaapekto sa kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay mga salik mula sa kapaligirang panlipunan. Ang mga magulang din na hindi nakikilahok sa pagpapaunlad ng pagbabasa ng mga mag-aaral ay nakahahadlang sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa (Rohima, 2021). Samantala, ang kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan ang kanilang binabasa ay naiimpluwensyahan din ng kanilang kapaligiran. Sa isang hindi organisadong lugar, maaari silang makatagpo ng ilang hamon sa pagbibigay-kahulugan sa mga babasahin. Gayunpaman, ang mga taong nasa isang kalmado, maayos na kapaligiran ay maaaring magbasa nang mas

epektibo. Ang magulong bahay ay nagpapahirap sa mga mag-aaral na tumuon sa kanilang pagbabasa. Epektibo ang kanilang pag-unawa sa pagbabasa kapag ang mga bata ay nasa mga ligtas at maayos na lugar (Al-Jarrah, 2018). Ang mga panlabas na salik katulad ng indibidwal, pamilya, at guro ng mag-aaral ay may mahalagang papel sa pag-unlad ng pagbabasa ng mga bata (Wu et al., 2019).

Hindi maitatangi na dulot ng pandemya ay napilitan tayong manatili sa ating mga tahanan at piniling ipagpatuloy ang pagtuturo at pag-aaral sa paraang *online-distance learning*. Dulot ng senaryong ito ay naapektuhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral at kasama na dito ang kanilang komprehensyon sa pagbabasa. Kung ikompara natin ang karanasan ng mga mag-aaral noong sila ay nasa paaralan ay higit na mayroon silang konsentrasyon sa akademikong gawain at pagbabasa keysa nasa bahay lamang sila. Mas higit ring nagagabayan at napagtutuunan ng pansin ng mga guro ang pagbabasa ng mga mag-aaral. Madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang binabasa dahil madali lamang para sa kanila ang lumapit sa kanilang guro upang humingi ng tulong. Sa mga panahon ding ito ay malaki ang tungkulin ng mga magulang na matulungan ang kanilang mga anak sa pag-unawa sa kanilang binabasa. Ang simpleng panghihikayat at pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa kahulugan ng salita o teksto sa mga mag-aaral ay nagbibigay ng malaking epekto sa kanilang kakayahang umunawa sa pagbabasa.

#### *Antas ng Pag-Unawa sa Pagbasa ng mga Mag-Aaral sa Tekstong Filipino*

**Talahanayan 5: Antas ng Pag-Unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Tekstong Filipino**

Baryabols	M	SD	Remarks
Literal na Antas	8.21	1.99	<i>Very Satisfactory</i>
Interpretatibo na Antas	7.06	2.45	<i>Satisfactory</i>
Kritikal na Antas	7.31	2.40	<i>Satisfactory</i>
Malikhain na Antas	7.44	2.55	<i>Satisfactory</i>
<b>Kabuuan</b>	<b>7.51</b>	<b>2.35</b>	<b><i>Satisfactory</i></b>

*Skills Scale: 9-10 (Outstanding); 8 (Very Satisfactory); 7 (Satisfactory); 6 (Fairly Satisfactory); 5 and below (Did not Meet Expectation)*

Mapapansin sa pinakababang bahagi sa talahanayan 5 ang kabuuang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa tekstong Filipino na may markang *satisfactory* (M=7.51; SD=2.35). Ang mga mag-aaral ay may sapat na kakayahan upang maunawaan at masagutan ang mga katanungan mula sa kanilang binasang tekstong Filipino. Batay sa naging resulta, ang mga mag-aaral ay may markang *very satisfactory* sa literal na antas (M=8.21; SD=1.99). Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may kakayahang makasagot at magbasa ng may pag-unawang hindi nangangailangan ng malalim na pag-iisip dahil mayroon silang pangunahing pag-unawa at makikita na sa mismong teksto ang sagot.

Sa kabilang banda, ang mga antas na interpretatibo (M=7.06; SD=2.05); kritikal (M=7.31; SD=2.40); at malikhain (M=7.44; SD=2.55) ay parehong may marka na *satisfactory*. Ibig sabihin, ang mga mag-aaral ay may kakayahang pag-unawa na nangangailangan ng paghinuha o matalinong paghula tungkol sa natatagong kahulugan ng teksto; gayundin ang pagbibigay-pasya sa kahalagahan ng ideya at sa kabisaan ng paglalahad ng tekstong binasa. Dagdag dito, nagagamit din nila ang kanilang malikhaing pag-iisip upang makapagpasya o mag-iisip kung ano ang posibleng susunod na mangyari sa binasang teksto.

Maituturing na makapangyarihan ang pagbasa dahil naghahatid ito ng karunungan tungkol sa iba't ibang bagay. Ang kasanayang ito ay dapat na may kaakibat na pag-unawa upang magbigay ng kahulugan at interpretasyon sa akdang binasa. Epektibo ang pagbabasa kung may malalim at maayos na pagkakaunawa sa binasa (Herrera, 2019). Sa limang makrong kasanayan, bihira lamang na isagawa ng mga mag-aaral ang pagbabasa dahil nangangailangan itong mabigyan ng panahon at gamitin ang kakayahang kaisipan ng mga mag-aaral (Enriquez, 2019).

Pinatunayan sa datos na ito, na higit na may kakayahan ang mga mag-aaral sa ikasampung baitang na makaunawa ng tekstong Filipino sa literal na antas. Ito ay nangangahulugan na ang pag-unawa ng mga mag-aaral ay nasa pinakasimpleng antas ng pag-unawa. Kadalasang sumasagot ito sa mga makatotohanan, detalyadong mga tanong at pag-alala sa mga impormasyon na nakapaloob sa babasahing teksto. Ang mga mag-aaral ay may kakayahang makatukoy ng dalawa o higit pang magkaiba at magkasalungat na kahulugan ng salita at makakilala sa mga ideya at tuwirang impormasyong nakalahad sa teksto. Subalit, may kaunting kakulangan pa sila pagdating sa pag-unawa sa paraang interpretatibo, kritikal at malikhaing pag-iisip at pag-unawa.

***Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Panloob na Salik sa Antas ng Pag-unawa na Nakakaapekto sa Pagbasang may Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Tekstong Filipino***

**Talahanayan 6: Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Panloob na Salik sa Antas ng Pag-unawa Na Nakakaapekto sa Pagbasang may Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Tekstong Filipino**

<b>Baryabols</b>	<b><i>r value</i></b>	<b><i>p-value</i></b>	<b>Remarks</b>
<b>Kaalaman sa Lingguwistika</b>			
Literal na Antas	0.06	0.54	Walang Kabuluhan
Interpretatibo na Antas	0.05	0.61	Walang Kabuluhan
Kritikal na Antas	0.11	0.28	Walang Kabuluhan
Malikhain na Antas	0.05	0.60	Walang Kabuluhan
<b>Persepsyon ng mga Kalahok</b>			
Literal na Antas	0.10	0.35	Walang Kabuluhan
Interpretatibo na Antas	0.12	0.26	Walang Kabuluhan
Kritikal na Antas	0.22	0.03	Lubos na Makabuluhan
Malikhain na Antas	0.14	0.18	Walang Kabuluhan

**Note:** Probability Value Scale: **\*\* $p < 0.01$**  (Lubos na Makabuluhan); **\* $p < 0.05$** (Makabuluhan);  **$p > 0.05$**  (Walang Kabuluhan)

Sa talahanayan 6, inilad ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga panloob na salik at sa antas ng komprehensyon na nakakaapekto sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa tekstong Filipino. Inihayag dito na walang kabuluhan ang sab-baryabol na kaalaman sa lingguwistika sa apat na antas ng pag-unawa sa pagbasa: literal ( $r=0.06$ ;  $p=0.54$ ); interpretatibo ( $r=0.05$ ;  $p=0.61$ ); kritikal ( $r=0.11$ ;  $p=0.28$ ) at malikhain ( $r=0.05$ ;  $p=0.60$ ). Ibig sabihin, para sa mga mag-aaral, ang kaaalaman sa lingguwistika ay hindi makakaapekto sa kanilang pag-unawa sa pagbabasa. Maaaring sa mga panahong sila ay sumasagot sa ibinigay na talatanungan ay mas nangibabaw sa kanila ang persepsyon na kakayahan. Samakatuwid, kahit hindi nila ganap na mabasa ang buong teksto kung nahihinuha naman nila ang posibleng kasagutan sa tanong ay kaya nila itong maintindihan. Maaaring tanging persepsyon at hinuha lamang ang kanilang ginamit upang masagutan ang mga katanungan at hindi ang kaalaman sa lingguwistika.

Nakitaan ng lubos na makabuluhan ang ikalawang panloob na salik na persepsyon ng mga kalahok sa kritikal na antas ng pag-unawa sa binasang tekstong Filipino ( $r=0.22$ ;  $p=0.03$ ). Ibig sabihin, lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral na isang malaking salik ang persepsyon sa kanilang kakayahang kritikal na antas sa pag-unawa kapag sila ay nagbabasa ng babasahing Filipino. Sa ibang pagpapakahulugan, sumasang-ayon ang mga mag-aaral na mahirap o hindi nagagawang maunawaan at masagutan ang mga katanungan sa kritikal na antas kapag sila ay nakararanas ng sikolohikal na mga problema. Halimbawa nito ay ang pagkakaroon ng masamang pakiramdam, stress at iniisip na problema na siyang nagiging hadlang upang makapagpokus sila sa binabasang teksto. Sa kabilang banda, walang kabuluhan ang salik na panloob na persepsyon sa mga sumusunod na antas ng pag-unawa sa pagbasa: literal ( $r=0.10$ ;  $p=0.35$ ); interpretatibo ( $r=0.12$ ;  $p=0.26$ ); malikhain ( $r=0.14$ ;  $p=0.18$ ). Hindi naaapektuhan ng persepsyon na salik ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa literal, interpretatibo at malikhaing antas.

Sa isang pagsusuri sa ugnayan ng kaalaman sa lingguwistika at komprehensyon sa pagbabasa, napag-alaman na kung ang isang mag-aaral ay may husay sa lingguwistika, huhusay rin ang kanyang kakayahang makaunawa (Hamid et al., 2020). Sinuportahan ng isang pag-aaral ang resultang ito, kung saan sinasabing mahalaga ang pagkakaroon ng kaalaman sa bokabularyo para sa pagbabasa ng may pag-unawa (Brooks, Clenton, & Fraser, 2021). Sa isang komprehensibong pananaliksik, ang utak ng tao ay nakakalikha ng modelong sitwasyon para maintindihan ang naratibong teksto. Sa ganitong paraan, kayang maunawaan ng mambabasa ang binasang akda. Ang pag-unawa sa teksto sa pamamagitan ng persepsyon ay may kinalaman sa ating sariling pag-uugali, karanasan, mithiin, paniniwala, at etika (Tourimpampa et al., 2018).

Ipinapakitang mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang tekstong binasa na nasa kritikal na antas kapag ang persepsyon nila ay nasa maayos na kondisyon. Nagagawa ng mga mag-aaral na matuto, masuri at punahin ang impormasyon at wikang ginamit ng manunulat sa binasang teksto ng walang nararanasang sikolohikal na

problema. Ang kakayahang ito ay napabibilang sa kritikal na antas na kung saan ay nabibigyan niya ito ng malinaw na interpretasyon, pananaw, layunin, pagiging totoo at pagpuna sa kakayahan ng isang manunulat sa pagsusulat ng akda. Ang kaalaman sa lingguwistika ay kinakailangang payabungin ng mga mag-aaral upang mas maunawaan nila nang mabilis at mabuti ang kanilang binabasa. Mahalagang hindi dapat nagpapaapekto sa mga panloob na salik nang sa ganoon ay mas mapaunlad pa ang kakayahan at kasanaayan sa pagbasang may pag-unawa.

***Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Panlabas na Salik sa Antas ng Pag-unawa na Nakakaapekto sa Pagbasang may Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Tekstong Filipino***

**Talahanayan 7: Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng Panlabas na Salik sa Antas ng Pag-unawa na Nakakaapekto sa Pagbasang may Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Tekstong Filipino**

Baryabols	<i>r value</i>	<i>P - value</i>	Remarks
<b>Impluwensya ng Guro</b>			
Literal na Antas	0.13	0.21	Walang Kabuluhan
Interpretatibo na Antas	0.06	0.55	Walang Kabuluhan
Kritikal na Antas	0.02	0.85	Walang Kabuluhan
Malikhain na Antas	0.04	0.71	Walang Kabuluhan
<b>Impluwensya ng Pamilya</b>			
Literal na Antas	0.20	0.05	Makabuluhan
Interpretatibo na Antas	0.14	0.16	Walang Kabuluhan
Kritikal na Antas	0.08	0.45	Walang Kabuluhan
Malikhain na Antas	0.14	0.18	Walang Kabuluhan
<b>Kapaligiran</b>			
Literal na Antas	0.01	0.90	Walang Kabuluhan
Interpretatibo na Antas	0.04	0.71	Walang Kabuluhan
Kritikal na Antas	0.10	0.32	Walang Kabuluhan
Malikhain na Antas	0.16	0.12	Walang Kabuluhan

**Note:** *Probability Value Scale: \*\* $p < 0.01$  (Lubos na Makabuluhan); \* $p < 0.05$  (Makabuluhan);  $p > 0.05$  (Walang Kabuluhan)*

Ipinakita sa talahanayan 7 ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng panlabas na salik sa antas ng pag-unawa na nakakaapekto sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa tekstong Filipino. Sa unang sab-baryabol ng panlabas na salik, ipinakita na walang kabuluhan ang impluwensya ng guro sa literal ( $r=0.13$ ;  $p=0.21$ ); interpretatibo ( $r=0.06$ ;  $p=0.55$ ); kritikal ( $r=0.02$ ;  $p=0.85$ ); at malikhain na antas ( $r=0.04$ ;  $p=0.71$ ). Ibig sabihin, hindi naaapektuhan ang pang-unawa sa pagbabasa ng mga mag-aaral sa impluwensya ng guro. Nakakayang maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang binasang tekstong Filipino kahit walang nakukuhang impluwensya mula sa mga guro.

Inilahad sa pangalawang bahagi ng talahanayan 7 na makabuluhan ang sab-baryabol na impluwensya ng pamilya at ang literal na antas ( $r=0.20$ ;  $p=0.05$ ) sa pag-unawa ng tekstong Filipino ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, isa sa salik sa pag-unawa ng mga mag-aaral ang impluwensya ng pamilya sa pag-unawa ng mga babasahing nangangailangan ng literal na antas. Nagpapahiwatig ito na nagagawang maunawaan at masagutan ng mga mag-aaral ang mga katanungan sa literal na antas dahil sa tulong ng presensya at paghikayat ng mga magulang sa kanilang mga anak na magbasa ng simpleng tekstong Filipino.

Ang panghuling sab-external na kapaligiran at apat na antas ng pagbasang may pag-unawa ay parehong nagpapakita ng walang kabuluhan: literal ( $r=0.13$ ;  $p=0.21$ ); interpretatibo ( $r=0.06$ ;  $p=0.55$ ); kritikal ( $r=0.02$ ;  $p=0.85$ ); at malikhain na antas ( $r=0.04$ ;  $p=0.71$ ). Ibig sabihin, hindi naaapektuhan ng kapaligiran ang kakayahang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kahit anumang antas sa pagbasa at pagsagot sa tekstong Filipino.

Bilang pagbibigay diin sa datos na may kaugnayan sa impluwensya ng pamilya at komprehensyon sa pagbasa, isiniwalat sa ibang pag-aaral na naiimpluwensyahan ng mga magulang ang kanilang anak sa pagbabasa base sa apat na sumusunod: 1. *parental literacy beliefs* (PLB), na kilala rin bilang mga inaasahan ng magulang sa pagganap ng mga bata; 2. *parental education years at school* (PEY), o *parental education level*; 3. ang pakikilahok ng



*parental literacy* sa mga aktibidad ng kanilang mga anak (PLI); at 4. ang mga mapagkukunan ng *home literacy* (Inoue et al, 2018). Ang *home literacy* ay tumutukoy sa mga aktibidad at mapagkukunang materyales upang mapaunlad ang kaalaman ng indibidwal sa pagsulat at pagbasa sa loob ng bahay (Puglisi et al, 2017). Ang mga salik ng indibidwal, pamilya, at guro ng mag-aaral ay may mahalagang papel sa pag-unlad ng pagbabasa ng mga bata. Gayunpaman, ang mga mekanismo kung saan ang mga kritikal na salik na ito na magkakasamang nag-aambag sa pagkamit ng pag-unawa sa pagbasa ng mga bata ay hindi gaanong nauunawaan (Wu et al., 2019).

Pinatunayan sa pag-aaral na ito na mahalaga ang impluwensya ng pamilya sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Dahil din sa pandemya, mas nagkaroon ng malaking kontribusyon ang mga magulang sa pagkatuto ng kanilang mga anak. Mas natutukan nila ang pag-aaral at pagbabasa ng kanilang mga anak na kung saan ay may magandang epekto sa kanilang kognitibong aspeto. Sa kabilang banda, hindi tinuturing ng mga mag-aaral na salik ang impluwensya ng kanilang guro sapagkat nagagawa parin nilang magkaroon ng interes sa pagbabasa kahit walang panghihikayat na nanggagaling mula sa mga guro. Gayundin sa impluwensya ng kapaligiran tungo sa lebel na pag-unawa sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Bagaman at sumang-ayon ang mga mag-aaral na mataas ang impluwensya ng kapaligiran sa pagbasang may pag-unawa sa talahanayan 4, pinatunayan naman sa datos sa bahaging ito na hindi naaapektuhan ang kanilang komprehensyon habang sila ay nagbabasa at sumasagot sa ibinigay na talatanungan. May kakayahayan silang umunawa sa pagbabasa at pagsagot ng tekstong Filipino sa kabila ng kapaligiran na mayroon sila.

## 5. KONKLUSYON

Batay sa ibinigay na talatanungan, ang mga mag-aaral ay higit na nakadepende sa kanilang persepsyon sa pagbabasa ng teksto kompara sa kanilang kaalaman sa lingguwistika. Ibig sabihin, dahil sa kakulangan ng kaalaman sa wikang Filipino, ang mga mag-aaral ay nanghuhula o pinapakiramdaman lamang ang kahulugan ng tekstong binabasa upang masagutan ang talatanungan. Sa panlabas na salik ay higit na pinatunayan sa pag-aaral na ito na may malaking ginagampanan ang kapaligiran sa komprehensyon ng mga mag-aaral. Kapag hindi sila komportable sa lugar kung saan sila nagbabasa, nagdudulot ito ng kawalan ng konsentrasyon at komprehensyon. Inilahad din sa pananaliksik na ito na ang mga mag-aaral sa ikasampung baitang sa Pamantasan ng Misamis ay mayroong mataas na kakayahan sa literal na antas kompara sa interpretatibo, kritikal; at malikhaing antas ng pag-unawa sa pagbabasa ng tekstong Filipino. Hindi nagagawang maunawaan at masagutan ng mga mag-aaral ang mga katanungan sa kritikal na antas kapag sila ay may personal na dinaramdam tulad ng pagkakaroon ng problema sa pamilya at iba pa. Nagagawang maunawaan at masagutan ng mga mag-aaral ang mga katanungan sa literal na antas dahil sa tulong ng presensya at paghikayat ng mga magulang sa kanilang mga anak na magbasa ng tekstong Filipino.

## 6. REKOMENDASYON

**Naririto ang mga rekomendasyon ng mga mananaliksik mula sa isinagawang pag-aaral:**

- 1) Ang mga mag-aaral ay dapat magsumikap na paunlarin ang kanilang kaalaman sa lingguwistika upang mas maging makabuluhan ang kanilang kakayahang pagbabasa. Mahalagang matutunan nila ang wikang Filipino upang maintindihan nila ang mga tekstong binabasa nila gamit ang wikang ito.
- 2) Ang mga guro at pamilya ay dapat ipagpatuloy ang paggabay at pagsagawa ng mga gawain na susukat sa komprehensyon ng mga mag-aaral lalo na ngayon na ang paraan ng pagtuturo at pagkatuto ay *online distance learning*.
- 3) Ang mga mag-aaral ay dapat palagiang magbasa upang mapahusay pa nila ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa iba't ibang antas: literal; interpretatibo; kritikal; at malikhain.
- 4) Ang mga magulang ay dapat maglaan ng oras sa paggabay ng kanilang anak upang hindi nila mabaling ang kanilang atensyon sa walang kabuluhang bagay. Bukod dito sila ay magkaroon ng konsentrasyon sa kanilang pag-aaral at mas mahasa nila ang kanilang makrong kasanayan sa pagbasa.
- 5) Sa mga mananaliksik sa hinaharap, maghanap pa ng ibang mga sanhi at salik na nakakaapekto sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral. Mas maigi ring maghanap pa ng ibang talatanungan na tatasa sa komprehensyon ng mga kukuning respondante.

## REFERENCES

1. Carlo, B. (2019). Ano ang kahulugan at kahalagahan ng pagbasa. Retrieved on April 12, 2022 from <https://www.pinoynewbie.com/ano-ang-pagbasa-kahulugan-kahalagahan-paraan-proseso/>
2. Regal, T. (2020). Kahalagahan ng Pagbabasa. Retrieved on April 13, 2022 from [https://www.academia.edu/25529651/Kahalagahan\\_ng\\_Pagbabasa](https://www.academia.edu/25529651/Kahalagahan_ng_Pagbabasa)

3. Jomocan, C. O., & Legaspi, M. J. B. (2020). Context Clues Knowledge and Reading Comprehension Skills of Grade 10 Students. *Philippine Social Science Journal*, 3(2), 77-78. Retrieved on April 16, 2022 from <https://doi.org/10.52006/main.v3i2.230>
4. Quintino, H. E., & Abagon, B. S. (2021). LEBEL NG KASANAYAN SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA IKAWALONG BAITANG NG PAMBANSANG MATAAS NA PAARALAN NG SUBIC. Retrieved on April 12, 2022 from <https://bit.ly/3rDqk6V>
5. Brandon, D. (2021). The Importance of Reading Comprehension. Retrieved on March 12, 2022 from <https://www.aces.edu/blog/topics/home-family-urban/the-importance-of-reading-comprehension/>
6. McLaughlin K. & Blakely S. (2021). What is comprehension. He his below him. Retrieved on April 19, 2022 from <https://study.com/academy/lesson/what-is-reading-comprehension.html>
7. Dawkins, L. D. (2017). Factors influencing student achievement in reading. A Dissertation for the Degree of Doctor of Education. Walden University, Minneapolis, Minnesota. Retrieved on April 17, 2022 from <://scholarworks.waldenu.edu/dissertations/3601/>
8. Aspillaga, E. (2021). Paghahanda at Balidasyon ng Strategic Intervention Material (SIM) Para sa Paglinang ng Kasanayan sa Mapanuring Pagbasa (Development and Validation of Strategic Intervention Material (SIM) to Develop Critical Reading Skills). Retrieved on April 15, 2022 from <https://aseanresearch.org/downloads/astp/publication/5/2%20ASPILLAGA.pdf>
9. Claessen, M., Dzidic, P., Boyes, M., Badcock, N., Nayton, M., & Leitao, S. (2020). Educators' Perceptions of the Impact of Reading Difficulties for Young People. *Australian Journal of Learning Difficulties*, 25, 51-64. Retrieved on April 16, 2022 from <https://doi.org/10.1080/19404158.2020.1734952>
10. Calica, M. P. C. (2020). The effect of parental characteristics and home resources on reading performance of 15-year old students in the Philippines. *New Educ. Rev*, 62, 1-176. Retrieved on April 2, 2022 from <https://bit.ly/3KZ7LSj>
11. Tomas, M., Villaros, E. and Galman, S. (2021) The Perceived Challenges in Reading of Learners: Basis for School Reading Programs. *Open Journal of Social Sciences*, 9, 107-122. Doi: 10.4236/jss.2021.95009. Retrieved on April 16, 2022 from <https://bit.ly/3kvLCiU>
12. Estrema, M. L., & Estrema, G. L. (2018). Factors Affecting the Reading Comprehension of Grade Six Pupils in the City Division of Sorsogon, Philippines as Basis for the Development of Instructional Material. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences*, 5(3).
13. Taladngoen, U., Palawatwichai, N., Estaban, R. H., & Phuphawan, N. (2020). A study of factors affecting EFL tertiary students' reading comprehension ability. *Rangsit Journal of Educational Studies*, 7(1), 12-21. Retrieved on April 18, 2022 from [https://www.researchgate.net/publication/342511230\\_A\\_Study\\_of\\_Factors\\_Affecting\\_EFL\\_Tertiary\\_Students'\\_Reading\\_Comprehension\\_Ability](https://www.researchgate.net/publication/342511230_A_Study_of_Factors_Affecting_EFL_Tertiary_Students'_Reading_Comprehension_Ability)
14. Llorico, M. (2018). Pagtalakay ukol sa Komprehensibong Pagbabasa na may kaugnayan sa Pag-aanalisa ng teksto ng mga mag-aaral sa Bucal National High School Taong – Aralan 2019-2019. Retrieved on April 19, 2022 from <https://studylib.net/doc/25548583/410295887-komprehensibong-pagbasa-full-final-docx>
15. Chavangklang, T. & Suppasetsee, S. (2018). Enhancing Thai EFL university students reading Comprehension through a flipped cooperative classroom. *PEOPLE: International Journal of Social Sciences*, 4(3), 238-261. Retrieved on April 16, 2022 from <https://bit.ly/3vXSue8>
16. Crossman, A. (2020). Understanding Purposive Sampling an Overview of the Method and Its Applications. Retrieved on April 20, 2022 from <https://www.thoughtco.com/purposive-sampling-3026727>
17. Kurniawati, S. (2020). INTERNAL FACTORS AFFECTING READING COMPREHENSION ACHIEVEMENT AT SMA NEGERI 1 TAMBAKREJO. *Jurnal Pendidikan Edutama*. Retrieved on July 10, 2022 from <https://bit.ly/3AI61KH>
18. Dong, Y., Wu, S. X. Y., Dong, W. Y., & Tang, Y. (2020). The Effects of Home Literacy Environment on Children's Reading Comprehension Development: A Meta-Analysis. *Educational Sciences: Theory and Practice*, 20(2), 63-82 Retrieved on July 9, 2022 from <https://bit.ly/3uxjaT5>
19. Wu, L., Valcke, M., & Van Keer, H. (2019). Factors Associated with Reading Comprehension of Secondary School Students. *Educational Sciences: Theory and Practice*, 19(4), 34-47. Retrieved on April 21, 2022 from <https://bit.ly/3ONuX8d>
20. Inoue, T., Georgiou, G. K., Parrila, R., & Kirby, J. R. (2018). Examining an extended home literacy model: The mediating roles of emergent literacy skills and reading fluency. *Scientific Studies of Reading*, 22, 273 - 288. Retrieved on July 8, 2022 from <https://doi.org/10.1080/10888438.2018.1435663>
21. Puglisi, M. L., Hulme, C., Hamilton, L. G., & Snowling, M. J. (2017). The home literacy environment is a correlate, but perhaps not a cause, of variations in children's language and literacy development. *Scientific Studies of Reading*, 21(6), 498 - 514. <https://doi.org/10.1080/10888438.2017.1346660>